**LUNGSOD NG LOS ANGELES**
**KAGAWARAN NG PAGLILIBANG AT MGA PARKE**

PARK PROUD LA

# Mga Patakaran at Regulasyon para sa Pagbebenta ng Pagkain at mga Panindang Komersyal sa mga Parke ng Lungsod ng LA

Ang Kagawaran ng Paglilibang at Mga Parke (Department of Recreation and Parks o "RAP") ay nangangasiwa ng higit sa 450 pampublikong parke at 170 sentrong panglibangan, mga golf course o laruan ng golf, mga dinadaanan, mga museo, at mga pasilidad. Kinabibilangan din ng mga lugar na ito ang mga lugar ng pahingahan, mga playground o palaruan, mga pangkomunidad na hardin, mga loteng pamparadahan, mga parang, mga swimming pool o languyan, at iba pang mga istraktura.

Ang pinakamataas na prayoridad ng RAP ay ang panatilihin ang mga parke, mga bukas na espasyo at mga pasilidad na maging mga lugar na ligtas, mahusay na naiprograma, at madaling mapuntahan para tamasahin at paglibangan ng lahat ng tao. Habang ang pagtitinda ng mga bagay-bagay sa isang parke ay pinahihintulutan sa Lungsod ng Los Angeles, ang mga patakaran at regulasyon ay sineseryoso upang masiguro ang mga kondisyong pangkalusugan, ligtas at malinis. Ang mga regulasyong ito ay inilalarawan sa ibaba.

## Saan ako maaaring magtinda sa isang parke ng Lungsod?

Hindi lahat ng mga parke na nasa loob ng Lungsod ng LA na sakop ng RAP ay tumatanggap ng mga napahintulutang tagapagtinda. Kung ang isang parke ay hindi pinagbabawalan ang mga tagapagtinda, ang mga tagapagtinda ay pinapayagang magtinda sa alinmang aspaltadong daanan o itinalagang mga lugar ng paglalakaran na nasa parke.

## Saan ako hindi dapat magtinda sa isang parke ng Lungsod?

Sa anumang sitwasyon, ang mga tagapagtinda ay hindi maaaring magtinda sa mga sumusunod na lugar:

- Mga bakuran sa pagtataguyod (maintenance) o pag-iimbak (storage)
- Mga puwesto sa pagpaparada o mga itinalagang lugar sa pagpaparada
- Mga daang lupa, mga dinadaanan, mga lugar na madamo
- Napapaloob sa 100 talampakan (feet) ng anumang gusali, sentrong panglibangan, banyo, istraktura, o palaruan
- Napapaloob sa 500 talampakan ng anumang lugar ng paaralan, kampo, sentro sa aktibidad ng kabataan o sentrong pangmatatanda
- Napapaloob sa 2500 talampakan ng Greek Theatre sa mga gabi ng konsiyerto at kaganapan
- Napapaloob sa 2500 talampakan ng Griffith Observatory o loteng pamparadahan ng Griffith Observatory
- Saanman sa Elysian Park mula tatlong oras bago ang pagsisimula hanggang tatlong oras pagkatapos ng lahat ng mga kaganapan sa Dodger Stadium, kabilang ang mga laro ng baseball, mga konsiyerto, mga karera

Para sa kumpletong listahan ng mga patakaran at regulasyon para sa pagtitinda ng pagkain at mga panindang komersyal sa mga parke ng Lungsod ng LA, mangyaring bisitahin [www.laparks.org/vending](www.laparks.org/vending).

Binago noong Enero 2020

- Limang (5) talampakan sa mga bangko (benches) ng parke o iba pang kasangkapan sa parke at mula 10 talampakan sa anumang tawiran nga mga tao
- 25 talampakan ng anumang fountain, rebulto, monumento o instalasyong sining
- Anumang parke na iginawad, ibinigay, o iniregalo sa Lungsod ng Los Angeles na may restriksyon sa komersyal na aktibidad

**Kailan at paano ako maaaring magtinda sa isang parke ng Lungsod?**

Ang aming mga parke ay may regular na mga oras ng negosyo na paminsan-minsan ay maaaring magbago mula sa isang parke hanggang sa isa pa batay sa pagpoprograma na umiiral doon o anumang espesyal na pagpoprograma sa aming mga sentrong panglibangan.

- Ang mga tagapagtinda ay dapat na magsara nang hindi bababa sa 30 minuto bago ang pagsasara ng parke
- Walang pagtitinda ang pahihintulutan kapag ang isang parke ay sarado

Marami ring mga espesyal na kaganapan ang nilalahukan ng RAP o pinasisinayaan. Ipinagbabawal ang pagtitinda sa panahon ng anumang pagsasapelikula ng parke, pagdiriwang, konsiyerto, gabi ng sine, espesyal na kaganapan, karnabal, parada, kaganapan ng takbuhan, o iba pang aktibidad na inaprubahan at pansamantalang pinayagan ng Kagawaran (Department).

**Kapasidad at Iba pang mga Rekisitos**

Gusto namin na panatilihing ligtas at malinis ang aming mga parke para sa aming mga tagapagtangkilik at siguruhin na ang mga aktibidad sa pagtitinda ay hindi inaalis ang kasiyahan ng aming mga tagapagtangkilik ng parke na pumupunta sa aming mga parke para sa aktibong paglilibang o may kaluwagang aktibidad. Ang bilang ng mga tagapagtinda kada parke ay limitado sa dalawang (2) tagapagtinda kada akre (acre) at may pagitan na 25 talampakan mula sa isa pang tagapagtinda.

Ang pagtitinda sa parke ay may batayan ng kung sino ang mauuna (first come first served basis) at ang mga tagapagtinda ay dapat na magpanatili ng tumpak na paglalagay ng kanilang mga oras sa pagpasok at paglisan.

Sa ibaba ay ang iba pang mga rekisitos para sa mga tagapagtinda:

- Dapat na sumunod sa Kagawaran ng Kalusugan ng LA County (LA County Health Department).
- Responsable para sa paglilinis at pagtanggal ng anumang basura, mga bagay-bagay na pagkain, pakete, kalat o mga materyales na nalilikha ng dahil sa o may kaugnayan sa kanilang pagbebenta.
- Pinagbabawalan sa paglalagay ng anumang likido o solidong basura sa mga basurahan ng parke, kabilang ang paglalaglag ng yelo sa ari-arian ng parke.

- Dapat na magdala ng hindi pinepesteng mga lagayan ng basura.
- Pinagbabawalan ang makikabit o gumamit ng anumang tubig, de-koryente o de-gas na saksakan para sa pagbebenta ng kanilang pagkain o paninda.
- Hindi maaaring magbenta ng masama sa kalusugan o hindi ligtas, mapanganib, o mapinsalang pagkain, inumin, o paninda. Kabilang ang kagamitan sa pamamana, mga kutsilyo, tirador, o anumang mga bagay na nagmumukhang mga armas, gaya ng mga pumupulandit na baril (squirt guns), mga laruang baril, o mga laruang kutsilyo.
- Dapat na mayroon ng lahat ng mga permiso at idinidispley ang mga ito sa nakikitang lugar.
- Walang bagay sa mga patakaran na ito ang nag-aawtorisa sa pagtitinda ng mga personal na serbsiyo kabilang ngunit hindi limitado sa mga mahigpit na pagsasanay (boot camps), mga serbisyo ng pagmamasahe, yoga, pagsasanay ng aso, mga pagsakay sa hayop, pag-aaruga sa hayop (petting zoos), o mga pagtitipon sa isports/pagpapalakas ng katawan.
- Walang pahiwatig, puwesto, o kariton sa pagtitinda ang dapat na sumasagi, sumasandal, o pumipirmi sa anumang poste ng ilaw, metro ng paradahan, kahon ng koreo, senyales ng trapiko, mesa ng piknik, boka-insendiyo (fire hydrant), puno, halaman, lalagyan ng halaman, pormasyon ng bato, bangko, hintayan ng bus, o basurahan.

**Ano ang mangyayari kung lalabag ako sa mga patakarang ito?**

Ang mga paglabag sa mga patakaran at regulasyong ito ay paparusahan bilang hindi-krimen na pagmumulta (non-criminal fines) sa ilalim ng Administrative Citation Enforcement (ACE) ng Lungsod alinsunod sa Los Angeles Municipal Code Section 42.13D. Ang California law SB 946 ay hindi nirerestriktuhan ang RAP sa pagpapatibay ng mga patakaran at regulasyon para sa pagbabawal ng hindi-awtorisado o hindi-pinahintulutang mga serbisyong komersyal sa mga parke. Ang Kagawaran ng Paglilibang at Mga Parke (Department of Recreation and Parks) ay nagtataglay ng karapatan na amyendahan, baguhin o ibahin ang anuman sa mga patakarang ito sa pagtalima sa lokal at estadong batas anumang oras at kung kailanman kakailanganin.